Magkunwari bilang isang Polar Bear

Ang isang Mama polar bear ay gumagawa ng **tunog na parang tambutso (chuff)** kapag nag-aalala siya at hinahanap ang kanyang anak na polar bear.

Humuhuni ang isang batang polar bear kapag bumabaluktot o natutulog sa lungga kasama ni Mama bear.

Umuungol at **sumisitsit** ang isang polar bear kapag medyo galit.

Umaangil ang isang polar bear kapag galit na galit ito.

Nakikipagkiskisan ng ilong ang isang polar bear sa isa pang oso para magtanong. “Pwede ba akong makahingi ng pagkain mo?”

Ginagalaw ng isang polar bear ang **kanyang ulo nang pakaliwa at pakanan** kapag gusto nitong maglaro.



Subukan Ito:

1. Gumawa ng tunog na katulad ng ginagawa ng isang polar bear. Umihip, humuni, umungol, sumagitsit at umangil.
2. Gumalaw na katulad ng isang polar bear. Maglakad gamit ang mga paa at kamay. Tumayo nang diretso gamit ang iyong dalawang binti. Igalaw ang iyong ulo nang pakaliwa at pakanan, at pagkatapos ay makipagkiskisan ng ilong sa isa pang “polar bear.” Magpaliit na katulad ng isang batang polar bear.Magpalaki na katulad ng Mama polar bear.
3. Pagsamahin ang mga tunog at mga aksyon. Maging pinakamagaling na polar bear na magagawa mo.

Maglaro Tayo:

- Anu-anong mga tunog sa palagay mo ang gagawin ng iba pang mga tauhan sa kuwento ni Nanook? Isipin ito. Gawin ang mga tunog ng **belugang balyena**, ng **hangin sa Hilaga**, ng isang **walrus**, at ng **northern lights**.

- Magsalit-salitan sa pagpili ng mga hayop. Gayahin ang mga tunog ng mga hayop. Iboto kung sino ang nakagawa ng pinakamagandang tunog, ang pinaka-nakakatawa, ang pinakamalakas, ang pinaka nakakatakot o ang pinakatunay.
- Kantahin ang “Old MacDonald Had A Farm.” Isama ang mga tauhan mula sa kuwento ni Nanook pati rin ang iba pang mga hayop.

Dagdagan pa:

1. Makinig sa audio files online ng mga aktwal na tunog na ginagawa ng mga hayop.
2. Makinig sa audio files ng mga tunog ng hayop sa iba pang mga wika. Sa Ingles, ang tunog ng aso ay **woof**. Ano ito sa French? Espanyol? Inuktitut? Russian? Iba pang wika? Sabihin ang mga tunog.